CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Pebrero 18, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Sentro ng Impormasyon, 562.570.BALITA, jic@longbeach.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Popondodan Mga Proyektong Komunidad ng Lungsod ng Long Beach upang Pagbutihin ang Pag-access sa Masustansyang Pagkain para sa Mga Tao na Nakakaranas ng Kawalang-kasiguruhan sa Pagkain Dahil sa COVID-19

Long Beach, CA - Ang Departamento ng Pangkalusugan at Serbisyong Pang-tao (Departamento ng Kalusugan) ay iginawad ang mga kontrata sa 16 na organisasyon upang magbigay ng pagkain at mga serbisyong nauugnay sa nutrisyon at suporta sa populasyon na nakakaranas ng mataas na pangangailangan ng walang kasiguraduhan o may balakid sa masustansyang pagkain dulot ng resulta ng pandemyang Covid-19.

“Marami sa ating mga kaibigan at kapitbahay ang nakakaranas ng kakulangan sa pagkain dulot ng pandemyang Covid-19,” ayon kay Alkalde Robert Garcia. “Ang mga lokal na organisasyon ay magbibigay ng importante at kinakailangan pagkain at ng mga mapagkukunan ng pagkain para sa buong komunidad.”
Ang mga sumusunod na organisasyong hindi kumikita, maliliit na sariling negosyo, organisasyon na batay sa pananampalataya, at mga institusyong pang edukasyon iginawad sa mga kontrata. Lahat sila ay nakabase sa Long Beach maliban na lang kung hindi nabanggit:

- Boys and Girls Clubs of Long Beach
- Brockus Project Dance Company (Los Angeles)
- Cambodian Association of America
- Centro CHA
- Christian Outreach in Action
- City BFabrick
- Dignity Health - St. Mary Medical Center Foundation
- Grow2Zero FARMS
- Jewish Family & Children’s Service of Long Beach & West Orange County
- Long Beach Community College
- Long Beach Center for Economic Inclusion

- Long Beach State University
- Love Beyond Limits
- Primal Alchemy Catering
- Puente Latino Association
- South Coast Interfaith Council

Ang mga aktibidades na may pondo ay magpapatuloy hanggang Marso 20, 2021, kasama ang pamamahagi sa kasiyahan na nakalaan upang maipaabot sa mga residenteng nangangailangan, habang ang iba ay partikular na nagtratrabaho sa mga nasuri nang mataas na populasyon. Para sa karagdagang mga tanong pangkomunidad sa proyektong pangkalusugan at para magpatala sa mga serbisyo, manawaring bumisita sa Departamentong Pangkalusugan para sa Covid-19 Assistance and Resources page.

Ang mga programang ito ay naging posible dahil sa pondo ng Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (CARES) Act. Ang lungsod ay nakatanggap ng $40milyon dolyar galing sa CARES Act na pondo upang sumuporta sa kaluwagan, pagbangon, at katatagan ng komunidad na inilaan ng Lungsod ng Long Beach ang $3milyon dolyar na suporta sa proyekto na pinuntirya ang dumaraming seguridad ng pagkain, kasama ang mahigit ng $500,000 sa mga organisasyon magbigay ng tulong sa pagkain o mga bagay na nauugnay sa pagkain sa komunidad na na apektado ng pandemyang Covid-19.

Para sa pinakabagong impormasyon sa Covid-19. Kasama ang mga detalye upang mapanatiling ligtas ang mga residente ng buong siyudad ng Lungsod ng Long Beach , Bumisita sa – longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity Facebook, Twitter, and Instagram.

###